**TOMO 72 BLG. 2**
AGOSTO - OKTUBRE

The Torch Publications

Ang Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Normal ng Pilipinas
**Miyembro:** College Editors Guild of the Philippines **(CEGP)**
Progresibong Lupon ng mga Manunulat-PNU **(PLUMA-PNU)**

# ANG TUNAY NA DESTABILISASYON

EDITORYAL | PAHINA 3



*Kaisa ang The Torch sa panawagang bigyang-hustisya ang mga pinaslang na manggagawang-bukid ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) noong ika-20 ng Oktubre, sa Hasyenda Nene, Sagay, Negros Occidental, kasama ng mga biktima ng masaker sa Hasyenda Luisita, Mendiola at Kidapawan*

*Kinikilala ng publikasyon ang gampanin ng mga pahayang pangkampus at mga iskolar ng bayan na magsiwalat ng mga isyung panlipunan at makibahagi sa pagsusulong ng interes ng malawak na hanay ng mamamayan*

***Hustisiya sa Sagay9***
***Itigil ang pamamaslang sa mga magsasaka***

# Ferreras on acad community rep nomination: BOR raised no objection

Jersey Calcada & Shaine Ocampo

University and Board Secretary Alpheus Ferreras clarified that the designation of Dr. Peter Howard Obias as the sole representative of academic community in the composition of Search Committee for President (SCP) was approved by the Board of Regents (BOR) without objections from the representatives of alumni and students.

Ferreras confirmed that there were separate representative from alumni and students in previous selection process since the composition of SCP was upon the discretion of BOR. However, he explained that CHEd approved and release new rules and regulations to make the composition of SCP in State Universities and Colleges (SUCs) uniform.

According to Rule III, Section 4 of CHEd Memorandum No. 16, in accordance with Republic Act No. 8292 known as Higher Education Modernization Act of 1997, the committee should have at least five members, and should be composed of representatives from the academic community, the private sector, CHEd, and the Philippine Association of State Universities and Colleges (PASUC).

Furthermore, Ferreras did not comment on former Student Regent Nikko James Rodriguez, and President of Philippine Normal University - Student Government (PNU - SG) remark. He stated that it's up to the student sector on what actions should be made to register their concern regarding separate student representation in SCP to proper authority, particularly CHEd.

Meanwhile, University Student Council Chairperson Emmanuel Adrian Manuel belied the 'disenfranchisement' remark of SR Rodriguez on the lack of separate student and alumni representation in SCP.

In addition, Manuel stressed that SR Kerwin Membrado, as one of the current members of BOR, is technically not allowed to be included in the composition of SCP. According to his statement, student representative should have been taken from Manila campus but since the university did not have student council members during the selection, Dr. Obias was chosen to represent the academic community with the assurance that he will consult the alumni, faculty, and students.

Moreover, the board member who should be representing the private sector declined the invitation. The official list of SCP members is not yet disclosed as they are still subject to change.

# Revision of undergrad SHB ongoing; target release on December remains uncertain

Micarl Abrantes & Alizsa Martinez

Professor Merimee Tampus-Siena, Committee Coordinator of on-going revision of undergraduate student handbook (SHB), said that the target release of revised and final draft on December is still unsure. Nonetheless, the existing 2014 edition is applicable up to the present time, she stressed.

According to Prof. Siena, old terms and policies which are not applicable in the current curriculum necessitate SHB revision. These include the use of new numerical grading system, adaptation to trimestral scheme and the inclusion of the Commission on Higher Education (CHEd) Memorandum No. 63 which contains the guidelines and requirements regarding off-campus activities.

"The revised handbook is expected to serve as a clearer set of guidelines to students," Prof. Siena said. Student netiquette will be incorporated in the revised handbook, taking account its legal implications. Additionally, this will serve as guide to the administrators and faculty members in giving appropriate sanctions, considering the nature of students' violations.

Furthermore, Prof. Siena stated that once each subcommittee has submitted and presented their revisions and the Board of Regents (BOR) approved the draft, students will be informed through assembly by the University Student Council (USC). Accomplished draft will also be presented to faculty and academic council.

The revision is being spearheaded by Dr. Aurora Fulgencio, Dean of Office of Student Activities and Student Services (OSASS), and Dr. Rita Ruscoe, Dean of College of Teacher Development, who serve as the Chair and Co-chair respectively. Chairs of each subcommittee are the following: Dr. Noemi B. Zalueta, Registration Requirement; Dr. Ruscoe, Academic Advising; Dr. Maryfe Roxas, Student Services; Dr. Evelyn Bagaporo, Student Rights and Discipline; and Prof. Tampus-Siena, Student Activities.

# PNU to officially implement Plastic Reduction and CLAYGO policy on January

Ma. Salvy Joyce R. Dy

Anchored on the environmental sustainability framework of Philippine Normal University (PNU), Plastic Reduction and Clean As You Go (CLAYGO) policy of PNU currently awaits for the approval of the Board of Regents (BOR). Upon approval, the policy is expected to have its full implementation on third term of the current academic year.

The policy was first initiated by the Former Vice President of University Relations and Advancement (VPURA) and now the Vice President of Finance and Administration (VPFA) Dr. Bert J. Tuga. While the Implementing Rules and Regulations (IRR) was spearheaded by the Director of Campus Development Office (CDO) Prof. Ruel Avilla.

Other members of the drafting committee were representatives from Administrative Council, Faculty members, Office of Student Affairs and Student Services (OSASS), Faculty of Science, Technology, and Mathematics (FSTeM), University Events Management and Public Relations Office (UEMPRO), Promotions and Business Development Office (PBDO), University Health Services Unit, and the former University Student Government (SG) president.

"Environmental protection is a universal concern and every unit of the society should contribute... if schools and teachers are agents of change, then it should start with us," UEMPRO Director Rafael Pangilinan said.

Moreover, Administrative Council approved the General Guidelines and IRR on June 13 and September 21 respectively, and underwent its Signing of Pledge and Commitment on September 4 along with the opening of University Foundation Week.

Part of the IRR is restriction and banning of single-use plastics such as straws, plastic spoon and fork, styrofoam, coffee stirrers, plastic cups, cellophane, and the like. It also covers plastic school materials like plastic folders and envelopes.

Alternatives to these plastic products are use of recyclable materials particularly paper (paper cups, paper box, carton, etc.) The policy also encourage the use of reusable materials such as food containers (lunch box), metal utensils, and tumbler. The university will also improve proper waste segregation and disposal of trash by adding specific trash bins for biodegradable, non-biodegradable, recyclable, and food waste.

Aside from plastic reduction, the university policy also promotes the practice of "Clean as you go" (CLAYGO) which applies to maintaining cleanliness and the sense of responsibility of the students and the PNU Community. In line with that, the CLAYGO will also include the classroom setting by turning off the lights and air conditioner upon leaving to save energy.

"We can't do that without the discipline of the people, and we encourage the students that hopefully, it would start with them," PBDO Director Janir Ty Datukan said.

Furthermore, Prof. Datukan stressed that PNU will conduct its public awareness campaign until December 31 up to its full implementation, although several adjustments are already in practice such as banning plastic straws, using paper box for containing food, and the CLAYGO policy in the luncheonette and cafeteria.

# Ang tunay na destabilisasyon

Hindi kailanman magagapi ng pasismo o anumang uri ng mapanghating alegasyon ng armadong pwersa ng estadong nagpapalaganap ng banta ng destabilisasyon ang pag-aaklas at maigting na pagkilos ng sambayanan laban sa lumalalang kahirapan at inhustisya sa bansa.

Kamakailan lamang, inilantad ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang 'Red-October Plot', hinalang plano ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na naglalayong patalsikin ang rehimen ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte (PRRD). Dawit sa kathang-isip na ito ang 18 pamantasan sa Kamaynilaan na inaakusahang kasapakat sa pagpapalawig ng kasapian ng Bagong Hukbong Bayan, armadong pwersa ng PKP. Kaalinsunod nito, nagbanta rin si Philippine National Police Chief Oscar Albayalde na maaaring makasuhan ang mga guro at propesor na nagtuturo ng mga ideyang mapanghimagsik laban sa estado.


Subalit higit sa mga kahingiang pang-akademya, kritikal ang gampanin ng nga guro ng bayan na ibukas ang kamalayan ng mga kabataan sa mga kontradiksyong panlipunan na hindi nakabatay sa nasyonalismong nakatali sa interes ng estado. Malinaw na nililimitihan ng mga akusasyon ng AFP ang sibikong responsibilidad ng mga guro na paghusayin ang kritikal na pag-iisip at patalasin ang kamalayang sosyo-politikal ng mga mag-aaral bilang mga mamamayang may rasyonal at lohikal na pagsusuri sa lipunan.

Bago pa man sa mga pamantasan, nauna nang nagbanta ang pangulo sa mga manggagawang kaisa at nasa ilalim ng Kilusang Mayo Uno, malawak na unyon ng mga manggagawa. Habang isinasawalambahala ang karapatan ng mga manggagawa na mag-unyon at manawagan sa pagtaas ng sahod at regularisasyon, inaakusahan sila bilang pangunahing instrumento ng PKP sa pagpapabagsak sa rehimen. Sa pamamagitan ng pagsasangkalan sa pagkilos ng mga manggagawa at mag-aaral, binubuo ng rehimen at AFP ang imahen ng kaguluhan at insurhensya upang mabigyang-katwiran ang paglalatag ng batas militar sa bansa.

Samantala, sa pag-igting ng panunupil ng estado sa mga kritiko nito, nalilihis naman ang atensyon ng publiko sa tunay na kalagayan ng bansa. Sa tala, ng Philippine Statistics Authority (PSA) sa buwan ng Setyembre, umabot na sa 6.7% ang inflation rate sa bansa — pinakamabilis na pagtaas mula noong taong 2009. Bunsod ito ng pagbaba ng halaga ng piso, pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang merkado, at implementasyon ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law na nagpapataw ng buwis sa mga batayang bilihin.

Pangunahing inaatake ng inflation rate ang mga mahihirap. Sa tala ng IBON Foundation, bumaba sa mahigit PhP 1,000 ang halaga ng purchasing power ng kita ng mamamayan. Ngunit sa halip na bigyang-tuon ng gobyerno ang pagkontrol sa epekto ng TRAIN Law sa ekonomiya ng bansa, mas nagtutuon ito sa pag-aangkat ng mga produkto, pagtaas ng pasahe at 'modernisasyon' ng mga pampasaherong dyip. Bukod dito, naglabas din ang Department of Labor and Employment (DOLE) noong Mayo 27, 2018 ng 20 kompanya na nagsasagawa ng ilegal na kontraktwalisasyon na nakaaapekto sa mahigit 224,000 na manggagawa. Nangunguna sa listahan ang Jollibee Food Corporation na may 14,960 manggagawang kontraktwal. Manipestasyon lamang ng lumalalang kalagayan ng lakas-paggawa ang pagsasantabi ng rehimen sa batayang karapatan ng mamamayan sa nakabubuhay na sahod, trabaho, at edukasyon.

Rehimen ang mismong lumilikha ng tunay na destabilisasyon sa patuloy nitong pagsasawalambahala sa batayang panawagan ng mamamayan. Kung tutuusin, malalim ang pinag-ugatan ng pag-aaklas ng sambayanan na nagbubunsod sa armadong tunggalian sa bansa. Hangga't nagpapatuloy ang inhustisya sa bansa, patuloy din ang pagkilos ng mamamayan, sa kanayunan man o kalunsuran, sa alinmang araw o buwan ng kasaysayan.




2018 - 2019 The Torch Publications

Jimnoel C. Quijano **Punong Patnugot;** Janine P. Solitario **Kawaksing Patnugot sa Filipino;** Denielle M. Galo **Kawaksing Patnugot sa Ingles;** Airalyn Gara **Patnugot sa Pamamahala;** Yhunice G. Carbajal **Katuwang Patnugot sa Pamamahala;** Louriel P. Danseco **Patnugot sa Balita;** Dhriege P. Castillanes **Patnugot sa Lathalain;** Vincent Anthony V. Abrenio **Patnugot sa Panitikan;** Daniella Andrea Bustillo, Ronalyn Gonzales, Erving Sinaking, Jennifer Mendoza, Kamila Beatrice Miranda, Miel David Ochoa, **Istap;** Micarl Abrantes, Ma. Olivia Agapay, Ma. Nathalie Avendano, Renvy Benitez, Mark Anthony Cabigas, Rose Cabisada, Jersey Cacalda, Dominic Calavia, Israel Dave Daligdig, Ric-Venz Denguray, Danielle Diamante, Ma. Salvy Joyce Dy, Ariane Fallaria, Hannah Beatrice Francisco, Alisza Martinez, Ariana Sophia Nedic, Shanne Kristan Ocampo, Carla Marie Perez, Jhona Mie Simba, Eloisa James Sonio, Kathleen Mae Tagal, John Josef Varquez, Emmanuel Vecino, **Korespondent;** Quenie Asilo, Jessie Guevarra, Wayne Nasayao, Justine Patricio, Urek T. Pondare, **Retratista;** Erica Sarreal, Kyril Jon Velasquez, **Arts and Media Team;** Jonelle Apolonio, **Puno ng Arts and Media Team;** Prof. Joel Malabanan, **Kritiko sa Filipino;** Prof. Victor Rey Fumar, **Kritiko sa Ingles at Tagapayong Teknikal.**

## MALAWAKANG BUDGET CUT SA 2019

In thousand pesos

| Kagawaran | | PS | MOOE | CO | PANGKABUOAN |
|---|---|---|---|---|---|
| DepEd | (2018) | 380,284,921 | 77,616,444 | 122,730,766 | 580,632,131 |
| | (2019) | 404,620,622 | 78,659, 587 | 45,504,138 | 528,784,347 |
| SUCs | (2018) | 41,297,502 | 9,772,622 1 | 4,174,560 | 65,244,684 |
| | (2019) | 48,697,511 | 10,144,430 | 6,356,790 | 65,198,731 |
| CHEd | (2018) | 408,683 | 49,755,949 | 369,767 | 50,533,944 |
| | (2019) | 449,518 | 49,738,411 | 255,438 | 50,443,367 |
| TESDA | (2018) | 2,035,911 | 5,369,638 | 311,819 | 7,717,368 |
| | (2019) | 7,717,368 | 12,419,959 | 232,268 | 14,830,090 |

Sa apat na ahensiya ng sektor ng edukasyon, liliit ang mga nakalaang pondo para sa Department of Education (DepEd), State Universities and Colleges (SUCs), at Commission on Higher Education (CHEd). Sa halip na tugunan ang mga panawagan sa karagdagang pasilidad, dagdag-sweldo ng kaguruan, at bagong non-teaching personnel, bumaba pa ng 6.37% o PhP 44.87 bilyon ang dating nakalaang badyet sa edukasyon. Senyales ito na magpapatuloy ang pagharap ng mga guro at kawani ng edukasyon sa kakulangan ng kagamitan at pasilidad sa paaralan at pagpapatuloy ng kanilang pang-araw-araw na kagipitan. Makikita sa tala sa ibaba ang inilaang badyet sa edukasyon para sa 2019.

**Badget Noon: PhP 704.13 bilyon**
**Badget Ngayon: PhP 659.26 bilyon**

## BUMABABANG HALAGA

Sa kasalukuyan, pumalo na sa 6.7% an pinakamataas sa loob ng siyam na taon at Bunsod ng Tax Reform for Acceleration and 59% ng panukalang badyet ay magmumu ito sa target na koleksyon sa mga direktang bubuo sa 34.5% ng badyet. Sa ganitong k mayan ang malaking bahagi ng pondo mul pangunahing bilihin.

| | 2018 Net Take Home Pay | Tax Exemption Savings | Lost S due t Inflat (July |
|---|---|---|---|
| SG 6 | 12, 634.48 | 208 | 720. |
| Teacher I | 17, 985. 39 | 960 | 1, 02 |
| Instructor I | 22, 791.61 | 1, 434.87 | 1, 29 |

Samantala, malaking bahagi sa inilabas badyet sa 2019 ang gagamitin para pondoh Build ng administrasyon. Bahagi rin nito sweldo ng military and uniformed person sweldo ng matataas na opisyal.

Dagdag pa rito, pabibilisin ang paghaha ng cash-based appropriations kung saan lil pagbibigay at pagbabayad ng goods and se

## KAKULANGAN NG SUPORTA SA MGA GURO AT KAWANI NG EDUKASYON

| PS ITEMS | KALTAS SA BADYET |
|---|---|
| General Management and Supervision | 6,072,552,000 |
| Administration of Personnel Benefits | 6,407,773,000 |
| Building Partnerships and Linkages Program | 1,546,000 |
| Development and Management of Bilateral and Multilateral Education Projects | 447,000 |
| Teacher Quality and Development Program | 39,000 |

Dahil sa napakalaking kaltas sa badyet ng edukasyon, papasanin ng kaguruan at mga kawani ng edukasyon ang limitadong pondo para sa Personnel Services (PS). Tutugunan lamang nito ang fourth tranche ng Salary Standardization Law (SSL) na malayo sa panawagang PhP 30,000 na buwanang sweldo para sa Teacher I at PhP 31,000 sa Instructor I. Walang inilaang pondo para sa pagpapaunlad sa kakayahan at kapasidad ng mga education personnel ngunit isa sa may pinakamalaking ibinawas sa pondo ang para sa Teacher Quality and Development Program (PS) at Human Resource Development for Personnel in Schools and Learning Centers (MOOE)

habang tumaas naman ang budget

**17%** Departm Nationa

**20%** Departm and Loca

## KAKULANGAN NG PASILIDAD AT MATERYALES

Bumaba ng 61.95% ang badyet para sa capital outlay sa kabila ng paggigiit ng dagdag na pondo para sa karagdagang klasrum, laboratoryo, at materyales sa pagtuturo. Kasabay nito, makikita sa mga datos sa ibaba na bahagi ng pinakamalaking alokasyon para sa sektor ng edukasyon ang inilaan sa voucher system para sa mga pribadong paaralang tatanggap ng senior high school students sa kabila ng mga anomalya sa sistemang ito.



**4, 059**

klasrum sa kabila ng hinihiling na

**46,415**

## A NG SWELDO

g inflation rate sa bansa—
t pinakamataas sa buong ASEAN.
Inclusion (TRAIN) Law, tinatayang
la sa di-direktang buwis. Lampas
g buwis mula sa sweldo at kita na
kalagayan, pasan ng mga mama-
la sa buwis na ipinapataw sa mga

| Salary o ion 2018) | Net Gain/Loss (Base: Jan 2018) | Real Net Take Home Pay (July 2018) |
|---|---|---|
| 17 | -512.17 | 12, 122.31 |
| 5.17 | -65.17 | 17, 920.22 |
| 9.12 | 135.75 | 22, 927.36 |

na PhP 3.757 trilyong panukalang
han ang programang Build, Build,
ang second tranche ng dagdag
nel na nakatuon sa paglobo ng

atid ng serbisyo sa pamamagitan
imitahan sa isang fiscal year ang
rvices ng bawat ahensya.

allocation ng sumusunod:

**ment of**
**al Defense**

**ment of Interior**
**al Government**




# Kalagayan ng Edukasyon sa Ilalim ng Administrasyong Duterte

Patunay ng kawalan ng prayoridad ng kasalukuyang rehimen sa edukasyon ang malawakang kaltas sa badyet at ang pagpapatuloy ng mga anti-mamamayang polisiya nito. Dulot nito, higit nitong pinapanatili ang atrasadong kalagayan ng edukasyon sa bansa na pumipilay sa mga guro at kawani nito.

# PUNTO POR PUNTO

Sa pagpapatuloy ng pagsasawalambahala ng rehimeng Duterte sa mga panawagan ng sektor, higit nitong hinihimok ang mga guro at kawani ng edukasyon na tumindig at manindigan para sa makatarungan at nakabubuhay na sahod, at mga polisiyang mag-aangat ng kalidad ng edukasyon sa bansa.



**isang *guro* = *60 na estudyante***

*IN THOUSAND PESOS*

| MGA ANTAS | 2019 DEPED PROPOSAL | 2019 DBM PROPOSAL | TOTAL DIFFERENCE |
|---|---|---|---|
| ELEMENTARY | 20,575,535 | 13,112,154 | 7,463,381 |
| JUNIOR HIGH SCHOOL | 15,229,755 | 9,584,895 | 5,644,860 |
| SENIOR HIGH SCHOOL STUDENTS | 4,343,339 | 2,720,391 | 1,622,948 |
| PANGKABUOAN | 40,148,629 | 25,417,440 | 14,731,189 |

*Pinagkunan ng mga datos: ACT Philippines, Department of Budget and Management*




# STANDPOINT:

## An interview with Jose Mari T. Callueng, discussing the significant role of the youth in resisting historical revisionism and tyranny at present times.

Jose Mari Callueng is the National President of the College Editors Guild of the Philippines, a 87-year old and only existing alliance of tertiary student publications in the Philippines and in Asia Pacific with over 750 member publications for the advancement of campus press freedom. He holds a degree in Hotel and Restaurant Management from National University (NU). He was a former Editor-in-Chief of The National, the official school publication of NU. Callueng is the first editor of NU's Literary Magazine, Ablaze. He is currently studying Bachelor of Laws at the Adamson University-College of Law. Callueng is also the National Executive Committee at-large of Karapatan Alliance for the adavcement of peoples rights, a human rights group.

***What is historical revisionism, and its implications to the youth?***

JMTC: On a perspective of a journalist, historical revisionism is no less than a fake news that creates twice or thrice the danger brought by disinformation. It is an assault perpetrated against first, the people who has sacrificed their lives at those particular times of unrest and second, to the youth as it confuses us and creates a division of thoughts. History must be told with the goal to unite the people to learn from both the mistakes of the past and the best practices of our country to advance its unwavering call for liberation from all forms of oppression.

everyday is a history we make. No matter how badly we did today, it's already there and the least that we can do is to avoid the same by bringing with us the lessons of yesterdays and yesteryears. If not, no progress will ever be made as we will keep on encircling these cycle of wrongs.

***Why does the youth need to demonstrate critical stand with regard to issues like Martial law?***

Especially at times when lies and deceit is rampant, being young and being a dissenter matters. This only goes to show that we won't settle, as inheritors, to a flawed and failed nation that is clearly we currently live in. Martial law for example,was won by the young ones before us, and it is hence our task as the youth of today to carry on with the fight and oppose any threats to again unarm us of these rights we possess due to our collective and militant assertion.

***Given the rampancy of unhealthy political online and actual discourse, how should the youth deal with the massive machination of distorting public opinion?***

At times where the elite few exercises control over these medium such as the internet and even the mass media, we must bolster efforts that the alternative media does to counter these massive disinformation drive of a regime who seeks to install himself as another dictator. Student press, for example, must advance their practice to reporting and commenting on issues which the dominant press fails to tackle.

More importantly, the youth must engage more in direct social practice. That is to say, to integrate oneself to the filipino masses, those marginalized and oppressed by a system so wrong.
It is only through this that we see the social realities of this nation on the hands of ill-motivated few. It is only through this that we could form actions that will truly transform us into a better country.

***How important is the right of the youth to dissent?***

It is very important that the youth register their collective voices because it is not just a right but a duty of every citizen in a democracy. By consistently criticizing policies that directly affects the lives of the filipino people, we do not just keep democracy vibrant but our prime goal is to engage and participate to the crafting of these policies in the hopes to uplift the quality of our lives. Time and again, we must be reminded that ours is the future; and we must fight in the highest possible terms we can in order to assert our basic social, political and economic rights. The challenge to us is to raise our voice even louder and oppose what need be. As we live in an era where there's a blatant disregard of inherent human rights, it is only right and just that we become the opposition that not only serves as checks and balances but also jury that punishes these evil-doers.

***What is the role of the youth in resisting tyranny and blatant attempts to alter Philippine history?***

The youth play a crucial role in resisting tyranny and dictatorship. History teaches and proves us how the youth, full of strength and energy, and ideals and aspirations for our country, could thwart attempts that endangers our future. The history of the youth is a history of militance and struggle. As another tyrant emerges, the youth are called upon to defend the pearl of the orient, to shed blood for it if need be, to fight for the cause of its people. These attempts to confuse us only exposes the type of society we have filled with ill-motivated leaders, controlled by other nations. The youth must swim against the tides that oppressed us.

> ***We must break down the enemies of the toiling masses vigorously and resolutely by baring its criminal, corrupt, puppet, and oppressive character.***

***What is your message to the youth?***

As we are yet again faced with a dictator wannabe, in the person of President Duterte, another war is waged; a war that endangers the democracy we have won through our collective efforts, a war of trolls and irresponsible influencers. This is a battle that would require us all to be not confused.
The power of his administration comes from the barrel of lies and deceit spewed by his minions. This is simultaneously happening while he is attacking the freedom of the press, countering truth with lies. His machinery of lies is backed by an army of trolls and fake news outlets that fabricates and misleads the toiling masses. Duterte's army of trolls and humbug supporters create stories that depicts his fascist regime as champion of people's rights while heavily demonizing the Philippine press and hypocritically portraying them as stewards of fake news.

But amid the fake news spreading like wildfire, it cannot stop the growing dissent of the Filipino people and the rancid rubbish of the Duterte regime as reflected by its anti-people policies. They can create thousands of fake news websites and organizations, spend the tax of the Filipino people on trolls, but they cannot sojourn the worsening crisis of the semicolonial and semifeudal system and the growing mass movement against the President's fascist dictatorship. We will no longer be threatened by dictator wannabe Duterte.

We must stand for press freedom and fight the regime's fascist measures. We must break down the enemies of the toiling masses vigorously and resolutely by baring its criminal, corrupt, puppet, and oppressive character. We must guide people to action through writings, photographs, videos, and other forms while siding with the marginalized and the oppressed. And instead of being mere watchers of mobilizations, rallies, protests that thwart the repressive regime, we have an important part to decisively do, that is to take part in the people's struggles.

These are times of crises, and we must choose to fight alongside the Filipino people.

# Iniksyon

Kyril Velasquez

Papalakas nang papalakas ang pagtapik ni Ising sa patse-patse at nangingitim nang katawan ng kanyang unica hija.

“Anak? Nak? Joy, anak! gising!”

Naramdaman ni Ising ang panginginig ng kanyang kalamnan at ang paglamig ng kanyang pawis nang sandaling hindi tumugon sa kanyang mga paggising ang nangangayayat at nakaratay niyang anak.

“Dok! Ang anak ko! Nars!” paghangos ni Ising palabas ng mala-sardinas na ward.

Ang tanging inabutan ni Ising sa help desk ay ang ngumunguya pang nars na agad namang nagtanong, “Ano ho ang nangyari, Misis?” habang ipinapasok ang kutsara’t tinidor sa loob ng baon niyang tupperwear.

“Jusko tulong! Ang anak ko hindi na magising!”

Tumakbo pabalik si Ising sa ward at dali-dali namang sumunod ang nars sa kanya. Ilang ulit pang sinubukan ni Ising na gisingin ang anak ngunit ni daliri ng bata ay hindi na gumagalaw.

Nang masilip ng nars ang pasyente ay nagmadali itong lumabas at tinawag ang doktor.

“Nako wala na ‘yan!” Isang sigaw na nagpatigil sa ‘di magkamayaw na pag-uusyoso ng iba pang pasyente.

“Eh hayop ka pala eh!” galit na tugon ng inang wari’y bukal ng luha ang mga mata.

Pagdating ng doktor, agad nitong pinulsuhan at inusisa ang mga mata ng pasyente.

“Time of death, 12:13,” pagdedeklara ng doktor saka tinakpan ng nars ang bangkay ng bata.

Tila hinigop ng mga narinig ni Ising ang lahat ng tunog sa paligid at parang nilamon siya ng nakapanlulumong katotohanan na wala na ang kanyang anak.

“Ang sabi sa akin, paturukan ko lang daw ang anak ko at magiging malakas at maigi ang resistensiya niya. Hindi na daw siya tatablan ng dengue, pero bakit ganito? Sana pala ay hindi na kami pumila sa hilera ng mga batang nagpapabakuna,” pagtangis at pagsisisi ni Ising.

“Dok, bakit parang naging mitsa pa ng buhay ng anak ko ang bakunang itinurok sa kanya sa center? Bakit?”
Isang malamig na tingin lamang ang naitugon ng doktor kay Ising sa harap ng nakaratay niyang anak.

# Kasalanan

Micarl Abrantes & Anthony Abrenio

Sinusundan ng masasamang tingin at bulungan ang mag-inang sina Maria at Lena papuntang palengke. Habang papalapit sila sa paroroonan, humihigpit ang pagkakahawak ni Lena sa kamay ng ina at palakas nang palakas ang mga bulungan.

“Siya yung napagdiskitahan sa likod ng school kagabi, ‘di ba?”

Napapapitlag si Lena sa narinig. Bahagyang minadali niya ang paglalakad habang hila ang braso ng ina.

“Ah, ‘yong nakita ng pulis na walang malay at saplot sa likod ng high school.”

“Sino bang hindi mare-rape kung ganyan manamit?”

“Kasalanan niya rin naman. Hindi na dapat siya dumadaan sa lugar na iyon.”

“Anong oras na ba naman kasi umuuwi ‘yang batang ‘yan?”

“Hindi ba siya nahihiyang lumabas?“

“Wala talaga silang kahihiyan ng nanay niya.”

Tumigil si Maria sa paglalakad. Malinaw niyang naririnig ang mga bulungan sa paligid na tila intensyong iparinig din sa kanya. Hinarap niya si Lena at hinawakan ang mga kamay nito.

Sa unang pagkakataon, nakaramdam ng simpatya si Maria sa anak. Maluha-luha niya itong tinanong.

“Lena, anong nangyari? Totoo ba’ng mga sinasabi nila?”

Tumulo na lamang ang mga luha ni Lena. Niyakap siya ng kanyang ina.

“Kasalanan ko ‘to lahat, Ma.”

“Anak, wag ka ng makinig sa kanila. Hindi natin kasalanang pinagsamantalahan tayo.”

# Koronang Tinik

Quenie Asilo

“Idiretso mo ’yang likod mo! Lumakad ka na parang pusa at ipilantik mo yang bewang mo!” singhal ng kanyang ina.

“Gusto mo bang maging habambuhay na talunan sa mga beauty contest? Wala kang pagseseryoso, e.”

Kasabay ng paghagupit ng sinturon sa kanyang likuran ang pagkimkim niya ng pamimilipit at hapdi.

“Ma—magandang gabi sa inyong lahat. Ako si Precious Sweet Makapagtal, 18 taong gulang. Nakatira sa lungsod ng Maynila ang inyong Binibining Pamantasan #2 na naniniwala sa kasabihang, “Ang mga babae ay hindi lamang salamin ng kagandahan, bagkus sila rin ang pag-asa ng bayan.” Sambit nito sa kabila ng namumugtong mata’t pilit na pag ngiti.

Palibhasa ay bigong kandidata ng beauty contest kaya ganoon na lamang ang pagpupursige at pagtrato sa kanya ng ina. Gusto nitong ibaling ang mga pangarap sa kanyang unica hija.

“Bwisit! Kaya mo naman palang ayusin, e! Kailangan mo pa akong high-bloodin. Naku! H’wag mo titigilan ang pag-eensayo niyang mga linya mo hanggang bumaon ‘yan sa kukote mo. Babae ka! Dapat lagi kang mahinhin, laging maganda. Kaya umasta ka kung saan ka naaayon at kung ano ka!” dinagukan pa siya ng kanyang ina bago ito umakyat sa kwarto nito. Itinalukbong niya ang kanyang kumot at isiniksik ang sarili sa sulok ng kanyang kama. Napatingin siya sa lumang koronang nakapatong sa estante.

Tinanggal ang kumot na nakabalot sa kanyang katawan at dahan-dahang lumapit sa salamin. Inayos niya ang sarili, pinunasan ang luha at muling sinambit ang kanyang linya.

“....na naniniwala sa kasabihang, babae man po ako sa inyong paningin, tibok ng puso ay para sa babae rin.”



# Extra Units

Dominic Calavia

Dali-daling lumabas ng silid ang aking mga kamag-aral hudyat na tapos na ang klase. Unti-unting umaalis ang mga tao sa loob ng silid pero pinili kong manatili para buuin ang aking extra units.

“Game na?” Laging tanong sa akin na para bang baguhan kami sa aming ginagawa.

Umpisa na naman ng panibagong aralin na kanyang ituturo. Araw-araw na lang ay tila may bago na gusto niyang matutunan ko.

Nakangiti siya habang nag-aayos ng gamit at ng kanyang uniporme. “Sa susunod ulit ah? Papatawag na lang kita?” sabi niya sabay abot ng nakatiklop na perang papel at naunang nagpaalam sa akin.

“Sige po, Ser” tugon ko.

Nanginginig pa ang aking tuhod nang lumabas ako ng klasrum. Tapos na naman ang klase.

# Sobre

Shaine Ocampo & Anthony Abrenio

Sa estasyong ito ng tren ko babalikan ang aking kaibigan. Dito kami laging magkasabay na sasakay at bababa ng tren papasok at pauwi ng school. Halos maglilimang taon na mula noong huli kaming nagkita.

Walong taon mula noong nakapagtapos kami sa isang pamantasan sa Maynila. Naaalala ko noon ang mga pinagdaanan namin para matupad ang aming mga pangarap na maging guro. Nagturo siya sa Quezon Citya at ako naman sa amin sa Dasmariñas. Palibhasa mga baguhan, nabigla kami noong una dahil walang mga projector na magagamit sa eskwelahan hindi tulad nung nagde-demo teaching pa kami sa pamantasan.

Gayunpaman, dala na rin ng sigasig ay nagpatuloy kami sa pagtuturo nang mabuti. Naalala ko pa nang sabihin niya sa akin na sinubok ang tatag niya nang magturo siya sa walong pangkat na may halos 60 mga estudyante bawat isa. Madalas din siyang ginagabi sa pananatili sa loob ng paaralan dahil sa dami ng dapat tsekan at papeles na kailangang matapos.

Minsan nagtatampo na ‘ko dahil wala siya sa mga gimik para rumaket.

Nang buksan ko ang sobreng ipinadala sa akin ng kanyang ina, natagpuan ako ang ilang mga litrato naming dalawa na may kasamang liham ng pagpapaalam.

Ang pagsagasa pala ng tren sa kanya ang pinili niyang sagot sa kanyang mga problema.

# Cut Off

Kathleen Tagal & Anthony Abrenio

Hindi sapat ang sampung pisong mineral water na pamatid-uhaw at init. Basang-basa na ng pawis ang polo ni Jose at apat na oras na siyang naghihintay na matawag.

"105."

Masayang tumayo ang lalaking nasa tapat ni Jose. Nagmadaling pumasok ang aplikante, tangan ang malalakas at mabibilis na yabag ng kasabikan.

Muli niyang pinagmasdan ang kanyang maliit na papel na may bilang. 115— kaunting tiis pa. Nagsisimula nang humupa ang bulto ng tao sa job fair. Marami na ang umuwing sawi at may iilan namang sinuwerteng mabigyan ng trabaho.

Pagbalik ng huling aplikante ay batid ang pagkayamot sa mukha nito. "Bwisit! Call center ang ina-applyan ko, bakit ako gagawing construction worker?"
"Pards, ‘wag ka na mamili ng trabaho," ani isa ring aplikante.

Bakas din ang kalungkutan sa mukha ng mga sumunod na aplikante. Nakaramdam si Jose ng kaunting kaba, ngunit nanaig pa rin ang lakas loob. Nakikinita niyang lalabas siya na may ngiti sa mga labi.

"115."

Binalingan niya ng ngiti ang ilan pang natitirang aplikanteng kasunod niya bago pumasok sa loob.

Ngunit bago pa niya narating ang pinto ay hinarang na siya ng gwardiya.

"Naku, cut-off na po pala, Ser. Alas singko y media na. Balik na lang kayo sa susunod na job fair.”



# BAYAN NG KONTRAKTWAL

Dhriege Castillanes & Emman Vecino

## Silip sa Kasalukuyang Kalagayan ng mga Manggagawang Pilipino

Sa patuloy na pananamantala sa saganang murang lakas-paggawa ng bansa, patuloy din ang maigting na pakikibaka ng mga manggagawa tungo sa pagkamit ng nakabubuhay na sahod at pagbasura ng kontraktwalisasyon sa kabila ng pandarahas at mga huwad na polisiyang ipinapatupad ng kasalukuyang rehimen.

### *Nasantabing Hinaing*

Noong Mayo 28, 2018, naglabas ang Department of Labor and Employment (DOLE) ng listahan ng 20 nangungunang kumpanya na nagsasagawa ng ilegal na kontraktwalisasyon. Kabilang sa talaang ito ang mga sumusunod na kumpanya:

| Korporasyon | Bilang ng mga Manggagawang Kontrktwal |
|---|---|
| Jollibee Food Corporation | 14, 960 |
| Dole Philippines Inc. | 10, 521 |
| Philippine Long Distance Telephone (PLDT) | 8, 310 |
| Magnolia, Inc. | 2, 248 |
| Sumifru Philippines | 1, 687 |
| Philippine Airlines | 1, 483 |

Sa datos ng Kilusang Mayo Uno (KMU), nasa 25 pagawaan ang may unyon na kasalukuyang nagsasagawa ng mga strike. Kabilang dito ang NutriAsia sa Laguna, Middleby at Alaska Milk sa Laguna, Magnolia sa Cavite, Manila Harbour Center sa Manila, Coca Cola sa Laguna at Davao, at Sumitomo Fruit Corp. (Sumifru) sa Compostella Valley.

Ipaaalala ng mga produktong binoykot ng mga mamimili ang pandarahas sa mga manggagawa ng NutriAsia na nagdulot ng 41 sugatan at pag-aresto sa 19 indibidwal dahil sa pagmamatigas nito na iregularisa ang mahigit 900 manggagawang kontraktwal.

Larawan din ito ng karahasan sa dispersal ng 131 na manggagawa ng Middleby na nagsagawa ng sit down strike sa loob ng pabrika noong Hulyo 3, 2018 na nag-iwan ng limang sugatan matapos kaladkarin ng mg pulis at security ng kumpanya. Sinundan ito ng marahas na dispersal sa mga manggagawang nagpiket at nagkampo sa Sumifru sa Compostella Valley noong Oktubre 11, 2018 kung saan pitong manggagawa ang sugatan habang dalawa ang dinampot ng mga pulis at militar. Sa halip na bigyang tuon ang alingawngaw ng panawagan at pagkilos, ibinaling ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte (PRRD) ang sisi sa mga manggagawa sa pagkawala ng maraming negosyante sa bansa.

### *Sa Bingit ng Paniniil*

Kamakailan lamang, iniugnay ni Pangulong Duterte ang mga unyon na nasa ilalim ng Kilusang Mayo Uno (KMU) bilang kasapakat ng mga komunistang grupo sa pagpapatalsik sa rehimen. Kasunod nito, kabi-kabila ang pag-aresto sa mga lider-manggagawa.

Noong Oktubre 18, 2018, nagpahayag si Elmer Labog, KMU Chairperson ng panawagan na palayain ang mga lider sa iba't ibang sektor at ilang aktibista na kinulong dahil sa gawa-gawang kaso Sta. Cruz, Laguna noong Oktubre 15, 2018. Kabilang sa mga ikinulong sina Adelberto Silva, Peace Consultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at kasapi ng KMU Advisory Council; Irenio Atadero, isa sa KMU Union Organizer; Hedda Calderon, kasapi ng Gabriela Women's Party; at Edisel Legaspi, miyembro ng Bataan-based organic farmers group.

Sa pamamagitan ng red tagging, nagkakaroon ng lisensya ang rehimen upang kondenahin ang unyon ng mga manggagawa at bigyang proteksyon ang interes ng mga kapitalista sa kanilang mga negosyo. Higit nitong binibigyan ng dahilan ang mga malalaking negosyante upang supilin ang mga manggagawang nagsasagawa ng mga welga at lumalahok sa unyon upang irehistro ang kanilang hinaing at panawagan sa estado.

### *Patuloy na Pagpapanday*

Noong nakaraang Marso 27 at Abril 3, 2018, matapos ang dayalogo, tuluyang niregularisa ng Coca Cola FEMSA ang 178 na manggagawa nito matapos maparalisa ng mga welgistang nagtipon ang produksyon ng pagawaan. Nakipagkasundo rin ang Employers Confederation of the Philippines (ECOP) sa DOLE na magre regularisa ng mahigit 300,000 manggagawa sa mga kumpanyang kasapi nito mula sa ibat ibang bahagi ng bansa. Sa kabilang banda, inanunsyo ng Dole Philippines noong Agosto ang planong pagregularisa ng nasa 4,765 manggagawa nito. Samantala, inaasahan ang pagtugon ng mga kumpanya sa inilabas na kautusan ng DOLE na iregularisa ang mga manggagawang kontraktwal nito.

Naipapakita ng mga unyon hindi lamang ang hinaing at panawagan ng mga manggagawa kundi ang labis na mapang-abusong kalagayan ng kontraktwal na paggawa. Mula sa mga sulok ng pabrika, dadalhin ng mga manggagawa ang pakikibaka tungo sa pagkakamit ng nakabubuhay na sahod at regularisasyon.

Hindi mapapagal ng pandarahas at panunupil ng estado at ng pribadong kumpanya ang maigting na pagbaklas ng mga manggagawa sa tanikala ng pananamantala.




***Guidelines for the 27th Gawad Genoveva Edroza Matute***

1. The 27th Gawad GEM is open to all undergraduate students of PNU-Manila

2. Participants can submit entry/entries in any of the following literary genre:

a)Tula/Poem (Can be a single entry or a collection that contains not more than 5 poems)

b)Dagli/Flash fiction (Can be a single entry or a collection that contains not more than 5 flash fictions)

c)Maikling kwento/Short story

d)Pormal, Personal o Malikhaing Sanaysay/Formal, Personal, or Creative Essay

e)Kwentong pambata/Children's story

3. The entries should be written either in Filipino or English.

4. Four copies of each entry should be submitted. It should be compiled inside a short brown envelope. The entries should be in the following format

•Arial, 12, double spacing
•Must be printed in an 8.5" x 11" paper
•1" margin all sides, with page number below (1 of 1, 1 of 2, 1 of 3, etc.)

The 27th Gawad GEM will accept entries stating on ***October 22, 2018 until November 29, 2018, from 8:00 am to 8:00 pm at Room 210, 2nd Floor Bonifacio P. Sibayan Hall*** (The Torch Publications Office). YOU CAN SUBMIT MORE THAN ONE ENTRY.

The publication and the organizers of the 27th Gawad GEM would like to emphasize that the theme only serves as a guide.

We encourage the submission of socio-politically inclined entries.




***Guidelines for the 6th Espasyo***

*For the photo:*
1. The 6th Espasyo is open to all undergraduate students of PNU-Manila.

2. The entries can either be colored or grayscale. it can also be portrait o landscape. Include a caption or a title.

3. Print the photo in a 4R (6" x 4") photo paper and submit it at The Torch Publications office, Room 210, BPS Hall.

4. Submit a soft copy of your photo to thetorch.pnumanila@pnu.edu.ph with the filename:

Full name_6thEspasyo_Photo_Title.

Example: Juan K. Bute_6thEspasyo_Photo_Bahaghari

*For the illustration:*
1. The 6th Espasyo is open to all undergraduate students of PNU-Manila.


2. The entry should be illustrated in a 8" x 11" oslo paper or 1/8 illustration board. It can either be portrait or landscape.

3. Participants are allowed to use any coloring materials (ex. ball pens, oil pastel, colored pencil, charcoal pen, watercolor, marker, etc.)

The 6th Espasyo will accept entries from ***October 22, 2018 until November 29, 2018, from 8:00 am to 8:00 pm.***

YOU CAN SUBMIT MORE THAN ONE ENTRY. Submit your entries at The Torch Publications office, Room 210, BPS Hall.

*For inquiries and/or clarifications, you may contact 09384268950 / 09480909442*




***GAWAD SEVERINO MONTANO: Parangal sa Natatanging dula.***

*Gabay sa Patimpalak*
1. Bukas ang patimpalak sa PNUans maliban sa miyembro ng PNU The Thespian Society.


2. Maaaring magpasa sa alinmang dula sa kahit anong kategorya:
•10- minutong dula (Filipino)
•10- minutong dula (English)
•Dulang may isang yugto (Filipino) 30 minuto-1 oras
•Dulang may isang yugto (English) 30 minuto- 1 oras

3. Ang dulang maaaring isulat ay may temang "ANG(GULO): Pagtingin sa EDUK Δ SYON".

4. Gumamit ng Font size 12, Tahoma.

5. Magpasa ng HARD COPY na nakalagay sa SHORT BROWN ENVELOP sa opisina ng PNU The Thespian Society sa BPS 210, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Daang Taft, Maynila. Magpasa rin ng SOFT COPY sa EMAIL address na icucosthethespiansociety.pnumanila@pnu.edu.ph.

Para sa katanungan, i-text lamang ang numerong 09394127165 o mag-iwan ng mensahe sa FB age ng PNU The Thespian Society.

























**_Oktubre 5, 2018_ | Pandaigdigang Araw ng mga Guro**

Nagsagawa ng malakawakang pagkilos ang mga guro sa National Capital Region sa pangunguna ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) upang kundenahin ang RPMS - PPST na nagpapahirap sa mga guro at ang malaking kaltas sa pondo ng sektor ng edukasyon para sa taong 2019

# OFF CAM